

# Ang saligan ng mabuting kalusugan ng ngipin



Ang iksamen at diyagnosis ng ngipin ay ang saligan ng kalusugan ng bibig. Malalaman at madidiyagnos ng iyong dentista ang mga problema sa bibig upang tigilan ang paglalâ ng sakit.

Tulad ng iyong pangkalahatang kalusugan, ang pag-iwas at maagang pagtuklas ay ang kinakailangan para sa mahusay na kalusugan ng ngipin. Ang regular na pagsisipilyo, flossing, mahusay na nutrisyon, at hindi paninigarilyo -- ang lahat nito ay mainam sa pagbawas ng panganib na magkaroon ng mga butas sa ngipin, sakit sa gilagid, at iba pang mga sakit sa bibig.

At kasing halaga rin ang regular na pagpapatingin ng ngipin, kahit na mayroon kang pustiso, upang malaman at madiyagnos ang mga problema bago sila lumalâ.

“Ang dental disease ay kadalasang walang mga sintomas hanggang sa paglalâ ng sakit,” ayon kay Dr. Bruce Ward, ang spokesperson para sa British Columbia Dental Association. “Hindi nalalaman ng mga pasyente na may problema hanggang sila’y nanakit o nagkaroon ng pamamaga. Ang dental disease, ‘di tulad ng ibang mga sakit, ay ‘di maibabalik sa dating kondisyon, kaya’t mahalaga ang maagapan ito nang maaga upang maiwasan ang mga kasalukuyang problema o mga negatibong epekto sa kalusugan.”

Kapag nauunawaan mo kung ano ang hinahanap ng iyong dentista habang ikaw ay nagpapatingin, at kapag kinakausap mo ang iyong dentista tungkol sa iyong diyagnosis, makagagawa ka ng mga may-kaalamang desisyon tungkol sa iyong mga pangangailangan.

Ang bawat pasyente ay bukod-tangi kaya ang mga ispesipikong komponente ng pag-iksamen ng ngipin ay mag-iiba-iba batay sa

kasalukuyang kalusugan ng iyong ngipin at ng iyong katawan, lifestyle, at kung gaano kadalas isinasagawa ang mga propesyonal na paglinis ng dentista.

Mahalaga ring maunawaan na ang iyong dental insurance coverage ay batay sa plan na binili ng iyong tagapag-empleyo para sa lahat ng mga empleyado, at maaaring sakop nito o hindi ang iyong mga bukod-tanging pangangailangan sa pangangalaga ng ngipin. Rebyuhin ang iyong plan at kausapin ang iyong dentista tungkol dito upang maunawaan mo ang iyong mga opsyon at upang makagawa ka ng pinakamahusay na desisyon para sa iyong sariling kalusugan.

Habang isinasagawa ang dental exam, iinspiksyunin ng iyong dentista ang ilang mga mahalagang lugar at function ng iyong bibig upang malaman kung may mga maagang palatandaan ng dental disease at maiwasan lumaki ang mga problema ng maliliit na problema.

Maaaring gawin ng iyong dentista ang ilang bahagi ng pag-iksamen sa iyo kasama ng ibang mga miyembro ng dental team at kukunin niya ang lahat ng kinakailangang impormasyon upang gumawa ng may-kaalamang diyagnosis.

## Maaaring tingnan ng iyong dentista ang ilan o lahat ng mga sumusunod habang iniiksamen ka:

- Medikal na kasaysayan, kabilang ang mga kondisyon ng kalusugan o mga gamot na maaaring magkaroon ng epekto sa pangangalaga at paggamot ng ngipin.
- Ang mga x-ray ay mahalagang diagnostic tool na maaaring gawin upang malaman kung ano ang nangyayari sa ilalim ng mga ngipin at gilagid.
- Oral hygiene upang malaman ang dami ng plaque at tartar na umaapekto sa mga gilagid at ngipin.
- Ang mga gilagid ay iiksaminin para sa mga palatandaan ng mga sakit tulad ng pamumula, pamamaga, o impeksyon.
- Kalusugan ng soft tissue, kabilang ang mga labi, dila, pisngi, at itaas at ibabang ibabaw ng bibig para sa mga palatandaan ng kanser sa bibig o sensitivity.
- Ang kondisyon ng ngipin upang malaman kung may sira o tooth decay, kasama ng kondisyon ng anumang dental prosthesis (halimbawa, pustiso).
- Ang dati nang pagpapaayos ng ngipin, tulad ng mga pasta, root canal at crown ay iinspiksyunin din.
- Ang pagkilos ng panga: ang fit ng mga ngipin sa isa’t-isa at ang pagkagat. Ang pangkalahatang kalusugan at paggana ng temporomandibular joint (ang joint na nagkokonekta ng panga sa bungo).
- Ang pangkalahatang kondisyon ng mga buto sa mukha, panga, at paligid ng bibig.
- Ang normal na paglaki at pagdibelop ng ngipin ng baby at permanent teeth sa mga bata.

Kausapin ang iyong dentista kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong dental exam, diyagnosis, o mga opsyon sa paggamot.